Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**PENRO Marinduque**

March 21, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR** : **The Regional Executive Director**
DENR, MIMAROPA Region

**THRU** : **The ARD for Technical Services**

**FROM** : **The OIC, PENR Officer**
Boac, Marinduque

**SUBJECT** : **RESOLUTIONS AND MINUTES OF THE 1st PAMB EN BANC MEETING OF MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) FOR CY 2022.**

Respectfully endorsed are the resolutions and the corresponding minutes of the 1st Protected Area Management Board (PAMB) En Banc meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) conducted on March 3, 2022 at Dewey Hotel & Restaurant, Brgy. Maharlika, Santa Cruz, Marinduque.

For information, evaluation and approval.

"For and in the absence of the PENRO"

**GEMMA P. DELOS REYES**
Chief, Management Services Division
In-charge, Office of the PENRO

Capitol Compound, Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque
Telephone Nos.: (042) 332-1490/(042) 332-0727/(042) 332-0927/(042) 332-1913
Website: https://penromarinduque.gov.ph/
Email: penromarinduque@denr.gov.ph

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**PENRO Marinduque**

March 14, 2022

PAMO 032-A MAR 16 2022 Janine 1335 RECEIVED

**MEMORANDUM**

**FOR** : **The OIC, PENR Officer**
Boac, Marinduque

**FROM** : **The Protected Area Superintendent**
Marinduque Wildlife Sanctuary

**SUBJECT** : **RESOLUTIONS AND MINUTES OF THE 1st PAMB EN BANC MEETING OF MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) FOR CY 2022**

We are respectfully submitting the resolutions and the corresponding minutes of the 1st Protected Area Management Board (PAMB) En Banc meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) conducted on March 3, 2022 at Dewey Hotel & Restaurant, Brgy. Maharlika, Santa Cruz, Marinduque, to wit:

| Resolutions No. | Title |
|---|---|
| 2022-001 dated March 03, 2022 | **RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASIYAHAN NG KAPULUNGAN O PAMB TUNGKOL SA PAGPAPATIBAY NG ISKEDYUL AT VENUE PARA SA REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) PARA SA TAONG 2022** |
| 2022-002 dated March 03, 2022 | **RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASIYAHAN NG KAPULUNGAN (PAMB) SA MULING PAGBUBUKAS *(SOFT OPENING)* NG ECOTOURISM ACTIVITIES NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) SA PUBLIKO GAYUNDIN ANG MULING PAGBUBUKAS NG MGA RESEARCH STUDY (PANANALIKSIK) RITO SA IKATLONG LINGGO NG MARSO 2022 MATAPOS GAWIN ANG MGA KAUKULANG PAGHAHANDA SA MGA PASILIDAD, PANGKALUSUGAN NG MGA NAMAMAHALA, ECO-GUIDES AT MGA BISITA AT MAISAGAWA ANG LAHAT NG MGA KONSIDERASYON NA DAPAT ISAALANG-ALANG TUNGKOL SA COVID-19 HEALTH PROTOCOLS** |
| 2022-003 dated March 03, 2022 | **RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASYAHAN NG KAPULUNGAN *(PAMB)* SA PAGBIBIGAY NG PAHINTULOT (CLEARANCE) NA MAISAGAWA ANG PROGRAMANG AGRO-FORESTRY PLANTATION PROJECT SA ILALIM NG ENHANCED NATIONAL GREENING PROGRAM (ENGP) SA BARANGAY DEVILLA, MASALUKOT, TAMBANGAN, SANTA CRUZ AT MALIBAGO, TORRIJOS MARINDUQUE NA SAKLAW NG PINANGANGALAGAANG-POOK O MARINDUQUQE WILDLIFE SANCTUARY (MWS)** |

For information, evaluation, and approval.

**EMETERIO M. RECTO**

Capitol Compound, Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque
Telephone Nos.: (042) 332-1490/(042) 332-0727/(042) 332-0927/(042) 332-1913
Website: https://penromarinduque.gov.ph/
Email: penromarinduque@denr.gov.ph

**HALAW SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–03 NG MARSO, 2022 SA DEWEY HOTEL & RESTAURANT, MAHARLIKA, SANTA CRUZ, MARINDUQUE**

| | PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|---|
| **MGA DUMALO:** | | |
| 1. | Engr. Eugenia D.L. Cruzado | MPDC, LGU Torrijos *(Presiding Officer)* |
| 2. | For. Imelda M. Diaz | OIC, PENR Officer, (*Rep. of RED Lormelyn E. Claudio)* |
| 3. | Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 4. | Kgg. Mark Anthony L. Lingon | Punong Barangay, Binunga, Boac |
| 5. | Kgg. Reynaldo P. Lingon | Punong Barangay, Hinapulan, Boac |
| 6. | Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista |
| 7. | Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 8. | Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 9. | Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 10. | Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos |
| 11. | Kgg. Reden G. Fidelino | Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos |
| 12. | Kgg. Matias Felipe | Barangay Kagawad, Duyay, Boac *(Rep.)* |
| 13. | Kgg. Alberto F. Fiegalan | Barangay Kagawad, Sihi, Buenavista *(Rep.)* |
| 14. | Kgg. Edsel M. Basco | Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan *(Rep.)* |
| 15. | PLT Reynaldo P. Palomares | Deputy COP, Santa Cruz MPS *(Representative)* |
| 16. | G. Gerardo M. Jamilla | Sr. Tourism Operations Officer, Prov'l Tourism Office |
| 17. | Dr. Doreen R. Mascareñas, Ph. D. | Director, Extension Services of MSC (Academe) *(via zoom)* |
| 18. | Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC-NGO *(via zoom)* |
| 19. | Gng. Neljoy B. Ilagan | Project Dev'l Officer II,PGDH-PG ENRO *(Rep.)* |
| 20. | Bb. Jell Mariel Riego | MENRO Staff, LGU Santa Cruz |
| **MGA HINDI DUMALO:** | | |
| 1. | Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Speaker, House of the Representatives<br>Congressman, Lone District of Marinduque |
| 2. | Kgg. Armi DC. Carrion | Punong Bayan, Mun. of Boac, Marinduque |
| 3. | Kgg. Victoria L. Lim | Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque |
| 4. | Kgg. Nancy C. Madrigal | Punong Bayan, Mun. of Buenavista, Marinduque |
| 5. | Kgg. Gerry M. Malubag | Punong Barangay, Bayuti, Boac |
| 6. | Kgg. Crisostomo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 7. | Kgg. Alex N. Montiano | Punong Barangay, Canat, Boac |
| 8. | Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 9. | Kgg. Benjamin P. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 10. | Kgg. Lorna M. Jimena | Punong Barangay, Tumagabok, Boac |
| 11. | Kgg. Arsenio G. Saez | Punong Barangay, Antipolo, Gasan |
| 12. | Kgg. Jose O. Sapungan | Punong Barangay, Tiguion, Gasan |
| 13. | Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |
| 14. | Kgg. Jessie R. Peralta | Punong Barangay, Nangka, Torrijos |
| 15. | PD Bernardo T. Caringal | Provincial Director, DOST Marinduque |
| 16. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Farmers Assoc. (CBFM-PO) |

## RESOLUSYON BILANG 2022-001

**RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASIYAHAN NG KAPULUNGAN O PAMB TUNGKOL SA PAGPAPATIBAY NG ISKEDYUL AT VENUE PARA SA REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) PARA SA TAONG 2022**

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) na may dalawang (2) parsela at kabuuang sukat na humigit kumulang 9,758.71 ektarya ay naideklara bilang isang pinangangalagaang-pook (protected area) ayon sa Republic Act 7586 o ang National Integrated Protected Area System Act (NIPAS Act of 1992) na inamyendahan ng bagong batas na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018);

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) ay pinamamahalaan ng Protected Area Management Board (PAMB) bilang Policy Governing Body ng isang protected area alinsunod sa National Integrated Protected Area System Act (NIPAS Act) na inamyendahan ng panibagong batas o ang Expanded National Integrated Protected Area System Act (ENIPAS Act) na pinagtibay ng taong 2018;

***SAPAGKAT,*** ang Protected Area Management Board (PAMB) ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) ay patuloy at regular na nagsasagawa ng regular quarterly meeting, apat (4) na beses sa isang taon upang pag-usapan ang mga plano at programa kasama na ang mga issues at challenges na hinaharap sa patuloy na pamamahala at pangangalaga ng protected area;

***SAPAGKAT,*** sa Rehiyon ng MIMAROPA ay maraming protected area na pinamamahalaang mga Protected Area Management Board (PAMB) na pinangunguluhan ng Regional Executive Director bilang Chairperson nito kaya minarapat na magtakda ng iskedyul tulad ng mga sumusunod:

| MWS-PAMB Meeting | DATE/VENUE |
|---|---|
| a. Second PAMB Meeting | June 9, 2022/Protected Area Management Office Tumagabok, Boac, Marinduque |
| b. Third PAMB Meeting | September 8, 2022/Malbog Hot Spring Malbog, Buenavista, Marinduque |
| c. Fourth PAMB Meeting | December 9, 2022/DENR PENRO Conference Hall |

***SAPAGKAT,*** matapos ang malayang pagpapahayag sa kahalagahan at bentaha sa pagkakaroon ng taunang iskedyul ng pagpupulong ng mga kasapi ng PAMB ay malugod na iminungkahi ni Kgg. Reden G. Fidelino na pagtibayin ito ng PAMB sa pamamagitan ng Resolusyon na pinangalawahan ni Kgg. Restituto L. Pabalat.

Pinagtibay ngayong ika-03 ng Marso, 2022 sa Dewey Hotel & Restaurant, Barangay Maharlika, Santa Cruz, Marinduque.

Inihanda:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Patotoo:

**EUGENIA D.L. CRUZADO**
MPDC-LGU Torrijos, MWS-PAMB member
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO,** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB-MWS

**HALAW SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–03 NG MARSO, 2022 SA DEWEY HOTEL & RESTAURANT, MAHARLIKA, SANTA CRUZ, MARINDUQUE**

| | PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|---|
| **MGA DUMALO:** | | |
| 1. | Engr. Eugenia D.L. Cruzado | MPDC, LGU Torrijos *(Presiding Officer)* |
| 2. | For. Imelda M. Diaz | OIC, PENR Officer, *(Rep of RED Lormelyn E. Claudio)* |
| 3. | Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 4. | Kgg. Mark Anthony L. Lingon | Punong Barangay, Binunga, Boac |
| 5. | Kgg. Reynaldo P. Lingon | Punong Barangay, Hinapulan, Boac |
| 6. | Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista |
| 7. | Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 8. | Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 9. | Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 10. | Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos |
| 11. | Kgg. Reden G. Fidelino | Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos |
| 12. | Kgg. Matias Felipe | Barangay Kagawad, Duyay, Boac *(Rep.)* |
| 13. | Kgg. Alberto F. Fiegalan | Barangay Kagawad, Sihi, Buenavista *(Rep.)* |
| 14. | Kgg. Edsel M. Basco | Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan *(Rep.)* |
| 15. | PLT Reynaldo P. Palomares | Deputy COP, Santa Cruz MPS *(Representative)* |
| 16. | G. Gerardo M. Jamilla | Sr. Tourism Operations Officer, Prov'l Tourism Office |
| 17. | Dr. Doreen R. Mascareñas, Ph. D. | Director, Extension Services of MSC (Academe) *(via zoom)* |
| 18. | Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC-NGO *(via zoom)* |
| 19. | Gng. Neljoy B. Ilagan | Project Dev'l Officer II,PGDH-PG ENRO *(Rep.)* |
| 20. | Bb. Jell Mariel Riego | MENRO Staff, LGU Santa Cruz |
| **MGA HINDI DUMALO:** | | |
| 1. | Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Speaker, House of the Representatives<br>Congressman, Lone District of Marinduque |
| 2. | Kgg. Armi DC. Carrion | Punong Bayan, Mun. of Boac, Marinduque |
| 3. | Kgg. Victoria L. Lim | Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque |
| 4. | Kgg. Nancy C. Madrigal | Punong Bayan, Mun. of Buenavista, Marinduque |
| 5. | Kgg. Gerry M. Malubag | Punong Barangay, Bayuti, Boac |
| 6. | Kgg. Crisostomo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 7. | Kgg. Alex N. Montiano | Punong Barangay, Canat, Boac |
| 8. | Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 9. | Kgg. Benjamin P. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 10. | Kgg. Lorna M. Jimena | Punong Barangay, Tumagabok, Boac |
| 11. | Kgg. Arsenio G. Saez | Punong Barangay, Antipolo, Gasan |
| 12. | Kgg. Jose O. Sapungan | Punong Barangay, Tiguion, Gasan |
| 13. | Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |
| 14. | Kgg. Jessie R. Peralta | Punong Barangay, Nangka, Torrijos |
| 15. | PD Bernardo T. Caringal | Provincial Director, DOST Marinduque |
| 16. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Farmers Assoc. (CBFM-PO) |

# RESOLUSYON BILANG 2022-002

## RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASIYAHAN NG KAPULUNGAN (PAMB) SA MULING PAGBUBUKAS *(SOFT OPENING)* NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) SA PUBLIKO GAYUNDIN ANG MULING PAGBUBUKAS NG MGA RESEARCH STUDY (PANANALIKSIK) RITO SA IKATLONG LINGGO NG MARSO 2022 MATAPOS GAWIN ANG MGA KAUKULANG PAGHAHANDA SA MGA PASILIDAD, PANGKALUSUGAN NG MGA NAMAMAHALA, ECO-GUIDES AT MGA BISITA AT MAISAGAWA ANG LAHAT NG MGA KONSIDERASYON NA DAPAT ISAALANG-ALANG TUNGKOL SA COVID-19 HEALTH PROTOCOLS

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) na may dalawang (2) parsela at kabuuang sukat na humigit kumulang 9,758.71 ektarya ay naideklara bilang isang pinangangalagaang pook (protected area) ayon sa Republic Act 7586 o ang National Integrated Protected Area System Act (NIPAS Act of 1992 na inamyendahan ng bagong batas na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018);

***SAPAGKAT,*** ang pangunahing layunin ng Protected Area Management Board (PAMB) ay mapangalagaan ang samu't-saring buhay na matatagpuan sa nasasakupan ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa pamamagitan ng likas-kayang pag-unlad tungo sa pangmatagalang kapakinabangan;

***SAPAGKAT,*** ang lahat ng programang isasagawa sa looban ng nasabing pinangangalagaang pook (Protected Area) maging ito man ay pagsasaliksik (research) o pagpapaunlad (development) gaya ng pagtatanim ng mga puno ay dapat mayroong kaukulang pagsisiyasat bago bigyan ng kaukulang pagsang-ayon (clearance) ng Kapulungan (PAMB) para masiguro ang angkop at maayos na pangangalaga dito;

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) ay patuloy at kasalukuyang nagpapatupad ng programang pang-turismo gaya ng *hiking, trekking, camping,* swimming, *bird watching* at iba pa kung saan naniningil ng mga bayarin kaugnay nito;

***SAPAGKAT,*** matapos ang kaukulang pagsisiyasat ng kapulungan (PAMB) sa panukala at paliwanag ay napag-alaman na may mga dapat pang maisaayos kung kaya't soft opening muna ang gagawin upang malaman kung ilan ba talaga ang bilang ng mga turistang dapat tatanggapin at upang malaman din ng PAMO kung ano pa ang kailangang i-*improve* sa paghandle ng turista sa ilalim ng new normal;

***SAPAGKAT,*** sa kapahintulutan *(clearance)* ay nakapaloob na patuloy na isasa-ayos ng Protected Area Management Office (PAMO) at PAMB ang mga kaukulang pasilidad at kasangkapan, kabilang ang mga eco-guides at PAMO Staff, bukod dito nasa kolatilya rin na ang naka-*prebooking* at lokal na turista lamang muna ang tatanggapin sa muling pagbubukas ng MWS, maglalagay ng basurahan para sa mga used face mask; ang mga eco-guides ay dapat fully vaccinated; pagpapatupad ng PAMO sa "No Vaccine, No Duty Policy" at pagsunod sa lahat ng protocols at ang date ng reopening.

**DAHIL DITO,** iminungkahi ni Kgg. Delfin R. Fellizar na bigyan ng kapahintulutan o *clearance* ang muling pagbubukas *(soft opening)* ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa publiko na pinangalawahan ni Kgg. Aristeo R. Rodil.

Pinagtibay ngayong ika-03 ng Marso, 2022 sa Dewey Hotel & Restaurant, Barangay Maharlika, Santa Cruz, Marinduque.

Inihanda:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Patotoo:

**EUGENIA D.L. CRUZADO**
MPDC-LGU Torrijos, MWS-PAMB member
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO,** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB-MWS

**HALAW SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–03 NG MARSO, 2022 SA DEWEY HOTEL & RESTAURANT, MAHARLIKA, SANTA CRUZ, MARINDUQUE**

| | PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|---|

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Engr. Eugenia D.L. Cruzado | MPDC, LGU Torrijos *(Presiding Officer)* |
| 2. | For. Imelda M. Diaz | OIC, PENR Officer, *Rep. of RED Lormelyn E. Claudio* |
| 3. | Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 4. | Kgg. Mark Anthony L. Lingon | Punong Barangay, Binunga, Boac |
| 5. | Kgg. Reynaldo P. Lingon | Punong Barangay, Hinapulan, Boac |
| 6. | Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista |
| 7. | Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 8. | Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 9. | Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 10. | Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos |
| 11. | Kgg. Reden G. Fidelino | Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos |
| 12. | Kgg. Matias Felipe | Barangay Kagawad, Duyay, Boac *(Rep.)* |
| 13. | Kgg. Alberto F. Fiegalan | Barangay Kagawad, Sihi, Buenavista *(Rep.)* |
| 14. | Kgg. Edsel M. Basco | Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan *(Rep.)* |
| 15. | PLT Reynaldo P. Palomares | Deputy COP, Santa Cruz MPS *(Representative)* |
| 16. | G. Gerardo M. Jamilla | Sr. Tourism Operations Officer, Prov'l Tourism Office |
| 17. | Dr. Doreen R. Mascareñas, Ph. D. | Director, Extension Services of MSC (Academe) *(via zoom)* |
| 18. | Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC-NGO *(via zoom)* |
| 19. | Gng. Neljoy B. Ilagan | Project Dev'l Officer II,PGDH-PG ENRO *(Rep.)* |
| 20. | Bb. Jell Mariel Riego | MENRO Staff, LGU Santa Cruz |

**MGA HINDI DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Speaker, House of the Representatives<br>Congressman, Lone District of Marinduque |
| 2. | Kgg. Armi DC. Carrion | Punong Bayan, Mun. of Boac, Marinduque |
| 3. | Kgg. Victoria L. Lim | Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque |
| 4. | Kgg. Nancy C. Madrigal | Punong Bayan, Mun. of Buenavista, Marinduque |
| 5. | Kgg. Gerry M. Malubag | Punong Barangay, Bayuti, Boac |
| 6. | Kgg. Crisostomo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 7. | Kgg. Alex N. Montiano | Punong Barangay, Canat, Boac |
| 8. | Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 9. | Kgg. Benjamin P. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 10. | Kgg. Lorna M. Jimena | Punong Barangay, Tumagabok, Boac |
| 11. | Kgg. Arsenio G. Saez | Punong Barangay, Antipolo, Gasan |
| 12. | Kgg. Jose O. Sapungan | Punong Barangay, Tiguion, Gasan |
| 13. | Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |
| 14. | Kgg. Jessie R. Peralta | Punong Barangay, Nangka, Torrijos |
| 15. | PD Bernardo T. Caringal | Provincial Director, DOST Marinduque |
| 16. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Farmers Assoc. (CBFM-PO) |

**<u>RESOLUSYON BILANG 2022-003</u>**

**RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASYAHAN NG KAPULUNGAN *(PAMB)* SA PAGBIBIGAY NG PAHINTULOT (CLEARANCE) NA MAISAGAWA ANG PROGRAMANG AGRO-FORESTRY PLANTATION PROJECT SA ILALIM NG ENHANCED NATIONAL GREENING PROGRAM (ENGP) SA BARANGAY DEVILLA, MASALUKOT, TAMBANGAN, SANTA CRUZ AT MALIBAGO, TORRIJOS MARINDUQUE NA SAKLAW NG PINANGANGALAGAANG-POOK O MARINDUQUQE WILDLIFE SANCTUARY (MWS)**

***SAPAGKAT***, ang pangunahing layunin ng *Kapulungan (PAMB)* ay mapangalagaan ang samu't saring buhay ng *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)* sa pamamagitan ng likas kayang pag-unlad tungo sa pangmatagalang kapakinabangan;

***SAPAGKAT***, ang lahat ng programang isasagawa sa looban ng nasabing Pinangangalagaang Pook (*Protected Area)* maging ito man ay pagsasaliksik *(research)* o pagpapaunlad *(development)* gaya ng pagtatanim ng mga puno ay dapat mayroong kaukulang pagsisiyasat bago bigyan ng kaukulang pagsang-ayon *(clearance)* ng *Kapulungan* (*PAMB)* para masiguro ang angkop at maayos na pangangalaga dito;

***SAPAGKAT***, ang *Enhanced National Greening Program (ENGP)* ay may programa sa taong ito ukol sa pagsasagawa ng *Agro-Forestry Plantation* sa Barangays Devilla, Masalukot, Tambangan, Santa Cruz at Malibago, Torrijos, Marinduque para sa taong 2022-2023 na saklaw ng *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)* at ang direktang makikinabang sa proyekto ay ang mga komunidad partikular ang mga *Protected Area Occupants* o *Tenured Migrants* na nasasakupan nito.

***SAPAGKAT***, matapos ang talakayan at pagsusuri sa nasabing proyekto ay napag-alaman ng *Kapulungan (PAMB)* na hindi naman ito magdudulot ng negatibong epekto bagkos ito ay makakatulong sa pangmatagalan na pangangalaga, pagpapaunlad sa *Pinangangalagaang Pook* at pang-ekonomiyang kapakinabangan ng mga komunidad;

***DAHIL DITO,*** napagpasyahang bigyan ng pahintulot ang pagsasagawa ng *Agroforestry Plantation* sa ilalim ng *Enhanced National Greening Program (ENGP)* sa kondisyong mag-uulat ang NGP coordinator ng *development* ng *project* tuwing mayroong PAMB meeting upang masubaybayan ng PAMB ang nangyayari sa proyekto.

***PINAGTIBAY,*** sa mungkahi ni Kgg. Teodoro R. Ramos na bigyan ng kapahintulutan na maisagawa ang programang **Agroforestry Project** ng **Enhanced National Greening Program (ENGP)** sa looban ng MWS na pinangalawahan ni Kgg. Aristeo R. Rodil at sinang-ayunan ng lahat.

Pinagtibay ngayong ika-03 ng Marso, 2022 sa Dewey Hotel & Restaurant, Barangay Maharlika, Santa Cruz, Marinduque.

Inihanda:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Patotoo:

**EUGENIA D.L. CRUZADO**
MPDC-LGU Torrijos, MWS-PAMB member
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO,** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB-MWS

**KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–03 NG MARSO, 2022 SA DEWEY HOTEL & RESTAURANT, MAHARLIKA, SANTA CRUZ, MARINDUQUE**

| | PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|---|
| **MGA DUMALO:** | | |
| 1. | Engr. Eugenia D.L. Cruzado | MPDC, LGU Torrijos *(Presiding Officer)* |
| 2. | For. Imelda M. Diaz | OIC, PENR Officer, *(Rep.)of RED Loremelyn E. Claudio* |
| 3. | Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 4. | Kgg. Mark Anthony L. Lingon | Punong Barangay, Binunga, Boac |
| 5. | Kgg. Reynaldo P. Lingon | Punong Barangay, Hinapulan, Boac |
| 6. | Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista |
| 7. | Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 8. | Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 9. | Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 10. | Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos |
| 11. | Kgg. Reden G. Fidelino | Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos |
| 12. | Kgg. Matias Felipe | Barangay Kagawad, Duyay, Boac *(Rep.)* |
| 13. | Kgg. Alberto F. Fiegalan | Barangay Kagawad, Sihi, Buenavista *(Rep.)* |
| 14. | Kgg. Edsel M. Basco | Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan *(Rep.)* |
| 15. | PLT Reynaldo P. Palomares | Deputy COP, Santa Cruz MPS *(Representative)* |
| 16. | G. Gerardo M. Jamilla | Sr. Tourism Operations Officer, Prov'l Tourism Office |
| 17. | Dr. Doreen R. Mascareñas, Ph. D. | Director, Extension Services of MSC (Academe) *(via zoom)* |
| 18. | Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC-NGO *(via zoom)* |
| 19. | Gng. Neljoy B. Ilagan | Project Dev'l Officer II,PGDH-PG ENRO *(Rep.)* |
| 20. | Bb. Jell Mariel Riego | MENRO Aide, LGU Santa Cruz |
| **MGA HINDI DUMALO:** | | |
| 1. | Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Speaker, House of the Representatives<br>Congressman, Lone District of Marinduque |
| 2. | Kgg. Armi DC. Carrion | Punong Bayan, Mun. of Boac, Marinduque |
| 3. | Kgg. Victoria L. Lim | Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque |
| 4. | Kgg. Nancy C. Madrigal | Punong Bayan, Mun. of Buenavista, Marinduque |
| 5. | Kgg. Gerry M. Malubag | Punong Barangay, Bayuti, Boac |
| 6. | Kgg. Crisostomo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 7. | Kgg. Alex N. Montiano | Punong Barangay, Canat, Boac |
| 8. | Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 9. | Kgg. Benjamin P. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 10. | Kgg. Lorna M. Jimena | Punong Barangay, Tumagabok, Boac |
| 11. | Kgg. Arsenio G. Saez | Punong Barangay, Antipolo, Gasan |
| 12. | Kgg. Jose O. Sapungan | Punong Barangay, Tiguion, Gasan |
| 13. | Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |
| 14. | Kgg. Jessie R. Peralta | Punong Barangay, Nangka, Torrijos |
| 15. | PD Bernardo T. Caringal | Provincial Director, DOST Marinduque |
| 16. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Farmers Assoc. (CBFM-PO) |

**MGA IBA PANG DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Emeterio M. Recto | Sr. ECOMS/Protected Area Superintendent-MWS |
| 2. | Alvin L. Pergis | Ecosystems Management Specialist II, PAMO-MWS |
| 3. | Niña Jane Mendoza | Ecosystems Management Specialist I (JO), PAMO-MWS |
| 4. | Blesilda J. Constantino | Administrative Aide VI, PAMO-MWS |
| 5. | Sherwin M. Milaya | Technical Support Staff/IT (JO), PAMO-MWS |
| 6. | Kieth Erica R. Solas | Technical Support Staff (JO), PAMO-MWS |
| 7. | Nikko M. Peña | Tourism Aide (JO), PAMO-MWS |
| 8. | Ericka Q. Roldan | Park Ranger (JO), PAMO-MWS |
| 9. | Ronald S. Matining | Mathematician Aide, CDS, DENR-PENRO Marinduque |
| 10. | Carlo M. Watiwat | Forest Technician II, CDS, DENR-PENRO Marinduque |
| 11. | Wilson P. Paez | Forest Technician I, CDS, DENR-PENRO Marinduque |
| 12. | Ricky DL. Pereda | Forest Technician I, CDS, DENR-PENRO Marinduque |
| 13. | Joe Vert N. Beatriz | FEO (JO), CDS, DENR-PENRO Marinduque |
| 14. | Amado T. Mortel, Jr. | Driver, DENR-PENRO Marinduque |
| 15. | Edilberto De Luna | Municipal Administrator, MLGU Santa Cruz |
| 16. | Junmuel P. Regio | Statistician I, LGU Santa Cruz |

## I. PAGBUBUKAS NG PROGRAMA

Ang unang regular na pagpupulong ng mga kasapi ng *Protected Area Management Board (PAMB)* ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) para sa taong 2022 ay isinagawa sa pamamagitan ng *face to face* at *zoom.* Ito ay sinimulan sa pamamagitan ng isang panalangin at sinundan ng sama-samang pag-awit ng Lupang Hinirang gamit ang *Audio-Visual Presentation (AVP).*

Sa pagpapatuloy ng programa, si G. Edilberto De Luna, *Municipal Administrator* ng Bayan ng Santa Cruz ang nagbigay ng pagtanggap na pananalita *(Welcome Remarks)* na kung saan ay ipinaabot niya ang kaniyang mainit na pagbati sa lahat ng nagsipagdalo via *face to face* at *thru zoom* sa ngalan ni Mayor Antonio L. Uy. Siya rin ay humingi ng paumanhin sa hindi pagdalo ni Mayor Uy sa gagawing pagpupulong sapagkat marami itong *engagement* sa mga Barangay. Siya din ay nagpasalamat sapagkat sa kasalukuyang ay nasa *Alert level 1* na ang probinsya ang Marinduque kung saan ay pinapayagan na ang mga *face-to-face gatherings*. Aniya, mas mainam ito kaysa sa *zoom* sapagkat *un-interrupted* ang palitan ng mga kuro-kuro at paliwanag. Hinikayat din niya ang bawat isa na patuloy na mag-ingat sa nagpapatuloy na pandemya upang maipagpatuloy din ng PAMB ang mahahalaga nitong gawain. Sa patuloy na pag-unlad ng kabuhayan, turismo, maging ng komunidad ay dapat aniyang magkaroon ng balanse at tuloy-tuloy na napangangalagaan ang kapaligiran at likas-yaman para sa kasalukuyan at sa susunod na henerasyon. Sa huli ay ipinaabot ni G. De Luna sa ngalan ni Mayor Antonio L. Uy ang kanilang mainit na pagtanggap sa lahat ng nagsipagdalong kasapi ng PAMB .

Si PENR Officer Imelda M. Diaz ang nagbigay ng *inspirational message* kung saan ay binati din niya ang lahat ng nagsipagdalo sa pagpupulong. Ihiningi din niya ng paumanhin ang hindi pagdalo ng bago at kasalukuyang *Regional Executive Director* ng MIMAROPA at *Chairperson* ng MWS-PAMB na si RED Lormelyn E. Claudio dahil mayroon itong *equally important meeting* na dinadaluhan. Ipinarating niya sa kapulungan na nandoon ang paghahangad ni RED na makaharap at makadalo sa pagpupulong ng MWS-PAMB. Ipinarating din niya sa kapulungan ang pagpapaabot ng pasasalamat ni RED Claudio dahil sa patuloy na suporta sa pangangalaga at pamamahala ng MWS at ang kaniyang kahilingan sa kooperasyon ng mga kasapi ng PAMB members para sa muling pagbubukas ng *ecotourism activities* ng MWS. Malugod din niyang ibinalita na ang MWS ay nakaplanong muling buksan sa buwang ito at personal itong dadaluhan ni RED Claudio kung kaya't inimbitahan din niya ang lahat na dumalo sa nasabing gawain.

Para naman sa patuloy na proteksyon ng MWS, hinihikayat niya ang PAMB na palakasin ang kampanya para sa pagpoprotekta ng natitirang *protected area* o ang MWS. Aniya, malaki ang maitutulong ng *social media* at ng komunidad lalong lalo na ang mga Punong Barangay dahil sila ang mismong nakakakita ng kasiraan na nangyayari sa kapaligiran. Kanya ring ibinalita na, ipino-*promote* ni RED Claudio ang *strong partnership* sa mga *stakeholder*s lalo na sa patuloy na proteksyon ng MWS. Pinasalamatan din niya ang PAMB dahil sa kanilang aktibong partisipasyon sa *on-going project* ng ahensya gaya ng sa *demarcation* at *National Greening Program (NGP).* Ipinagbigay alam din niya sa kapulungan na may ilang magiging pagbabago sa mga polisiya gaya ng iskedyul ng pagpupulong ng PAMB. Nais aniya ni RED Claudio na magkoon na ang PAMB ng tiyak na petsa at dako na pagdarausan ng pagpupulong para sa taong ito upang matiyak ang partisipasyon ng lahat ng kasapi. Ipinaalam din niya na kung sakaling hindi makadadalo ng *RED/Chairperson* ng PAMB ay hindi ito basta-basta pinapalitan at dapat mayroon *delegation* ng *authority.* Sa huli ay muli niyang pinasalamatan ang mga kasapi ng PAMB dahil sa kanilang pagdalo at sa patuloy na suporta sa pamamahala ng MWS.

Nagbigay rin maikling mensahe si G. Gerardo Jamilla mula sa *Provincial Tourism Office (PTO)* na kung saan ay binati rin niya ang lahat ng dumalo kasunod ang pagpapakilala nito sa bagong *Regional Director* ng DOT-MIMAROPA sa katauhan ni Atty. Viviene Malateo. Tungkol naman sa turismo, ipinagbigay-alam niyang hinihintay pa nila ang bagong *Executive Order (EO*) na ilalabas ng *Inter-Agency Task Force (IATF)* kung saan nakasaad ang mga kinakailangang *requirements* na hahanapin sa mga turistang papasukin sa lalawigan. Sa kasalukuyan, mayroon din umano silang rekomendasyon tungkol sa pagkakaroon ng *database* o *computer prog*ram na makatutulong sa *tracking* ng mga bisita o turista.

## II. PAGPUPULONG NG PAMB

### A. <u>Panimula ng pagpupulong</u>

Ang pagpupulong ng *Protected Area Management Board (PAMB) En Banc* ng *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)* ay pinasimulan sa pangunguna ni PASu Emeterio M. Recto, Kalihim ng PAMB sa ganap na ika-10:45 ng umaga.

Bago ang pagpapatuloy ng ginaganap na pagpupulong ay binati at ipinakilala niya ang lahat ng mga kasapi ng PAMB na naka-*join via zoom.*

Sa kadahilanang hindi nakadalo ang *Chairperson* ng PAMB, at batay na rin sa umiiral na alituntunin at kasunduan ng pamunuan, ang kapulungan ay nagsagawa ng pagpili ng magiging Pansamantalang Tagapangulo mula sa hanay nang nagsipagdalong kasapi. Si Gng Eugenia DL. Cruzado, MPDC ng LGU Torrijos, ang nahirang na maging Pansamantalang Tagapangulo *(Presiding Officer)* ng isinasagawang pagpupulong.

Malugod naman niyang tinanggap ang kahilingan at bilang panimula ay binasa niya sa kapulungan ang magiging daloy ng pagpupulong.

### B. <u>Pagtitiyak ng Korum</u>

Ang korum ay tiniyak ni PASu Emeterio M. Recto sa pamamagitan ng pagtawag ng pangalan ng mga personal na nagsipagdalong kasapi ng PAMB at gayundin ang mga naka-join *via zoom.*

### C. <u>Pagbabasa/pagsusuri ng katitikan ng mga nakaraang pagpupulong</u>

Iminungkahi ng ni Kgg. Sabino R. Rojo na basahin na lamang nang tahimik ang nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na ginanap noong ika-25 ng Nobyembre, 2021 sa *Freedom Eco Adventure Park*, Barangay Bunganay, Boac, Marinduque at gawin ang pagtatama nito sa bawat pahina na pinangalawahan ni Kgg. Reden G. Fidelino at sinang-ayunan naman ng nakararami.

Ang Pansamantalang Tagapangulo ay nagsimula ng pagtatanong sa kapulungan para sa kanilang mga obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na dapat baguhin o iwasto.

***Ang naging puna:***

Sa *Pahina 5*, linya 240 ay malugod na iminungkahi ni Kgg. Reynaldo Lingon ang pagsasa-ayos sa baybay ng salitang ***"Barangay"***.

Ang Pansamantalang Tagapangulo ay muling nagkaroon ng pagtatanong sa mga kasapi ng PAMB para sa iba pang obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan na dapat pang baguhin.

Sapagka't wala ng nakikitang puna na dapat pang iwasto o baguhin sa nakaraang katitikan kung kaya't ito'y iminungkahi niyang pagtibayin.

**D. Pagpapatibay sa nakaraang katitikan**

Naghain ng mosyon si Kgg. Restituto L. Pabalat upang pagtibayin ang katitikan ng nakaraang pagpupulong ng PAMB nang may pagwawasto na pinangalawahan ni Kgg. Enrique P. Landig at sinang-ayunan ng nakararami.

**E. Pagpapatibay sa mga paksang pag-uusapan/tatalakayin**

Binasa ng tumatayong Pansamantalang Tagapangulo ang hanay ng mga paksang pag-uusapan, subalit bago ang pagpapatibay nito ay hiningi muna niya ang mungkahi ng kapulungan tungkol sa iba pang paksang nais pag-usapan.

Para sa iba pang paksang nais pag-usapan ay malugod na iminungkahi ni Kgg. Teodoro R. Ramos, Punong Barangay ng Masalukot, Santa Cruz na maidagdag ang tungkol sa ***"Boundary ng Barangay Tambangan at Masalukot, Santa Cruz, Marinduque".***

Bukod rito, hiniling din ni Dr. Doreen R. Mascareñas ng Marinduque State College (MSC) na maidagdag ang tungkol sa ***"Score o rating na nakuha ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa ginawang Management Effectiveness Assessment (MEA)" para sa taong 2021".***

Para sa pagpapatibay nito, naghain ng mosyon si Kgg. Sabino R. Rojo upang pagtibayin ang hanay ng mga paksang pag-uusapan kalakip ang mga naging susog at ang pagtatalakay nito sang-ayon sa pagkakasunod-sunod na pinangalawahan ni Kgg. Reden G. Fidelino at sinang-ayunan ng nakararami.

**E. Pagtatalakay sa mga paksang hindi natapos mula sa nakaraang katitikan**

Bago ang pagtatalakay ng mga paksang nakahanay na pag-usapan ay iminungkahi ng Tagapangulo na balikan muna ang mga isyu o paksang hindi natapos mula sa nagdaang pagpupulong.

Sapagka't wala namang isyu o usapin na kailangang pang pag-usapan sa nakaraang katitikan ng pagpupulong kung kaya't ang kapulungan ay nagpatuloy sa pagpupulong.

**F. Pagtatalakay sa mga paksang pinagtibay na pag-usapan**

***1. Protected Area Management Office (PAMO) programs/activities/projects for CY 2022***

Sa intoduksyom ni PASu Emeterio M. Recto, ay sinabi niyang ang *Marinduque Widlife Sanctuary (MWS)* ay binubuo ng dalawang (2) parsela. Ito ay ang *Balagbag Mountain Ranges (Parcel 1)* at ang *Central Marinduque Mountain Ranges (Parcel 2)* na may kabuuang sukat na 9, 758.71 ektarya.

***a. Demarcation of legislated PA***

Ayon kay PASu Recto, ngayong taon ay may dalawang (2) target na magawa sa ilalim ng proyektong *demarcation.* Ito ay ang paglalagay ng 43 *monuments/corners* sa hangganan ng MWS at ang paglalagay ng 283 *signages.* Ang kabuuang bilang ng muhon na nailagay sa MWS para sa taong 2020-2021 ay 365 *corners* na.

***b. Protected Area Habitat Protection***

Ayon kay PASu Recto, ang *Biodiversity Monitoring System (BMS*) ay ginagawa dalawang beses sa isang taon at ang una nito ay nagawa na noong Pebrero 17 at 18 sa Barangay Tambangan-Masalukot, Santa Cruz patungong Tumagabok, Boac, Marinduque. Bukod dito, regular ding minomonitor ang 2 *hectares permanent monitoring plot* ng *Biodiversity Assessment Monitoring System (BAMS).*

***c. Communication, Education and Public Awareness (CEPA)***

Para sa taong ito, ang PAMO ay may target na 3-5 minutes *Audio Visual Presentation (AVP)* ayon kay PASu Recto. Maliban dito, gagawa din *species booklet* kung saan makikita ang ilan sa mga *species* ng *flora* at *fauna* na matatagpuan sa MWS. Ito aniya ay isusumite sa DENR *Regional Office* para sa kanilang komento at *final editing.* Ipi-*print* ito ng maramihan kapag naisaayos na ang mga komento at ipamamahagi sa mga *PAMB members.* Bukod dito, gagawa din ang PAMO ng 150 pirasong *phamplets.*

***d. PAMB Operationalization***

*d.1. Capacity Building*

Ngayong taon ay magkakaroon ng *Training Needs Assessment (TNA)* ang PAMO upang tukuyin kung anong uri ng *training* ang kinakailangang maibigay sa mga kasapi ng PAMB at *PAMO Personnel.*

*d.2. Regular PAMB meeting*

Sinabi ni PASu Recto na, ang ang pagpupulong ng PAMB ay ginagawa *quarterly* sa looban ng isang taon. Ayon pa sa kanya, sa nagdaang *DENR Management Conference* ay napag-usapan ang pagkakaroon ng takdang petsa at venue ng *quarterly meeting* ng PAMB.

*d.3. Hiring of PAMO Contract of Service (COS)*

Ayon kay PASu Recto, ang mga *notice of hiring* ay ipinost sa MWS Facebook Page upang maging *transparent* sa lahat at bago nagkaroon ng *hiring* ay nagkaroon muna ng *screening, examination* at *final interview* ng mga qualified applicants. Sa kasalukuyan, ang PAMO ay mayroong 21 COS na binubuo ng *EMS I, Park Rangers (PRs), Biodiversity Protection Assistants (BPAs), Forest Protection Officers (FPOs), Ecotourism Aide, Caretaker, Data Encoder* at *Technical Support* Staff.

***e. Ecotourism Management***

Ayon kay PASu Recto, ang proyektong ito ay may *budget allocation* na nagkakahalaga ng Php. 750,000.00. Ang mga pasilidad na matatagpuan sa Barangay Tumagabok, Boac gaya ng PAMO *Building, Ecotourism Information Center, Multi-purspose Hall Viewing Deck with ranger station* at ang lahat ng mga *signages* na inilagay sa mga lugar o barangay na malapit sa *protected area* ang regular na pinanatili ang kaayusan.

***f. Integrated Protected Area Fund (IPAF)***

Ang programang ito ay walang kaukulang pondo ayon kay PASu Recto at sa halos humigi't kumulang dalawang (2) taon ay hindi nagkaroon ng *collection* dahil sa nagpapatuloy na pandemya. Gayon man, ang PAMO ay mayroong *proposal* para sa muling pagbubukas ng turismo sa MWS. *Trekking, hiking, swimming, bathing* at *natural mini pool, bird watching, picture taking, camping* ang muling papayagang mga aktibidad sa muling pagbubukas ng turismo rito.

***g. Lawin Forest and Biodiversity Protection System***

*g.1. Lawin Patrolling/regular monitroring & patrolling*

Ang proyektong ito ay isinasagawa sa una at ikalawang linggo ng bawat buwan sa *designated conservation areas* na saklaw ng *protected area.* Maliban dito, ang regular na *monitoring* at *patrolling* ay patuloy ding ginagawa upang matiyak ang maayos na kalagayan ng *protected area.* Sa kanyang pagtatapos ay inilahad din ni PASu Recto ang *MWS Coverage, Management & Administration of PAMB, List of PAMB members* at *PAMO personnel.* Kasama niyang inilahad ang mga kuhang larawan ng *infrastructures, species* ng mga ibon at iba pang *wildlife species* sa looban ng PA, mga punong-kahoy at mga *tourist spots* na makikita sa MWS.

Ang Tagapangulo ay nagkaroon ng katanungan o komento ng kapulungan sa inilahad ni PASu Recto. Ayon sa kanya, sa ilalim ng *PAMB Operationalization* ay nabanggit ni PASu Recto ang tungkol sa pagkakaroon ng iskedyul ng regular *PAMB meeting* para sa isang taon. Dahil dito, hiningi niya ang mungkahi ng kapulungan tungkol dito.

Nilinaw naman ni PASU Recto na bagaman at may iskedyul na ang PAMB para sa regular nitong pagpupulong ay nakadepende pa rin umano ito sa *availability* ng RED/Chairsperson ng MWS-PAMB.

Nabanggit din ni Dr. Doreen R. Mascareñas na ang iskedyul ng PAMB meeting ay nakapaloob na sa *PAMB Manual of Operations (MOP).*

Sinang-ayunan naman ito ni Ms. Elizabeth E. Manggol, kasunod ang pagpapa-alaala niya sa sekretaryat na agapan ang pagpapadala ng *notice of meeting*. Maaari naman aniya itong ipadala in *advance via email* o sa *messenger*.

Binasa naman ng Tagapangulo ang iskedyul ng pagpupulong ng PAMB na makikita sa MOP na nakatakda tuwing ikatlong buwan ng kwarter.

Sinabi naman ni PENR Officer Imelda M. Diaz na sa rehiyon ng MIMAROPA ay maraming mga *protected area* na pinamamahalaan ng PAMB na kung saan ang RED ang tumatayong *chairperson.* Ito ang dahilan kung bakit aniya mayroong *instruction* si RED Claudio tungkol sa pagkakaroon ng taunang iskedyul ng pagpupulong ng PAMB.

Pagkaraan nito, ang kapulungan ay dumako na sa pagtutukoy ng petsa at venue na pagdarausan ng *PAMB meeting*. Malugod na iminungkahi ni Dr. Mascareñas na gawin ang ikalawang regular na pagpupulong ng PAMB sa Hunyo 9, 2022. Ito ay iminungkahing gawin sa PAMO Tumagabok, Boac na sinang-ayunan naman ni PASu Recto. Si Kgg. Delfin Fellizar naman ay nagkomento na mahirap ang transportasyon kung sa Tumagabok ito gagawin.

Si Dr. Mascareñas ay muling nagkomento at sinabing walang *internet* sa Tumagabok kung kaya magiging problema ito kung sakali't hindi personal na makadadalo si RED Claudio. Gayon man, iminungkahi din niyang as is na lamang ang venue at saka na lamang ito baguhin kung sakali't hindi talaga makadadalo si RED Claudio.

Nilinaw naman ni PENR Officer Diaz na sa *MWS-PAMO Office* ito gagawin na sinang-ayunan ng nakararami.

Malugod ding iminungkahi ni Kgg. Fellizar na sa tuwing ikalawang huwebes ng huling buwan ng bawat kwarter gagawin ang pagpupulong ng PAMB. Dahil dito, ang ikatlong PAMB meeting ay napagkasunduang gawin sa ika-09 ng Setyembre 2022 sa Malbog Hot Spring, Malbog, Buenavista. Ang naturang mungkahi ay malugod na sinang-ayunan ni Kgg. Resituto Pabalat ng nasabing Barangay.

Ang huli at ikaapat na regular na pagpupulong ng PAMB ang napagkasunduang gawin sa ika-09 ng Disyembre 2022 sa Bayan ng Boac. Ang venue ay hindi tiyak subalit maaari naman umano itong gawin sa *Freedom Eco Adventure Park* o sa *DENR PENRO Conference Hall.*

Naghain ng mosyon si Kgg. Reden G. Fidelino upang pagtibayin sa pamamagitan ng resolusyon ang iskedyul at venue ng regular na pagpupulong ng MWS-PAMB para sa taong 2022 na pinangalawahan ni Kgg. Restituto Pabalat at sinang-ayunan ng nakararami.

***2. Re-opening of ecotourism activities including research study within MWS***

Sa pagsisimula, ay binati ni G. Nikko M. Peña, *Tourism Aide,* ang kapulungan bago dumako sa kanyang pagpapatatalakay ng tungkol sa *ecotourism* sa ilalim ng *new normal* at ang naging preparasyon ng PAMO para sa muling pagbubukas ng turismo sa *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS).* Layunin aniya nitong ipabatid sa kamalayan ng mga Punong Barangay at *eco-guides* ang kahandaang dapat gawin kapag muling nagbukas ang turismo sa MWS. Ayon pa sa kanya, ito ay kanyang nailahad na rin sa nagdaang pagpupulong ng PAMB kung kaya't iyong mga updates at bagong accomplishments lamang na nagawa ng PAMO para sa re-opening ng MWS ang kanyang ilalahad.

Una niyang tinalakay ang may kinalaman sa *Guest Handling Policy* kung saan ang mga *guest* ay kinakailangang mag-*fill-out* ng *health declaration form upon check in.* Ayon sa kanya, ang *guidelines* na kanyang pinagbasehan ay buhat sa *Department of Tourism (DOT).* Ibinalita din niyang noong nakaraang taon ay nagkaroon ng *orientation/meeting* ang PAMO sa Barangay Tumagabok, Boac at dito ay napagkasunduan na mas mainam kung ang turista ay dadaan muna sa Barangay bago pumunta ng MWS. Ayon din sa kanya, sa kasalukuyan sa MWS ay walang *online payment* dahil sa kawalan ng *signal/internet connection* sa PAMO kung kaya't inirerekomenda nila ang *reservation.* Ipa-*prioritize* aniyang tanggapin ang mga turistang nakapagpa-*book thru online*. Muli din niyang ipinagbigay-alam sa kapulungan na mayroong *Official Facebook Page* ang *Marinduque Wildlife Sanctuary* para sa *online booking.* Malugod din niyang ipinabatid sa kapulungan na *vaccinated* na ang lahat ng PAMO Staff at halos 95% naman sa mga *tour guides.* Idinagdag pa niyang handang-handa na rin sila sa pagha-*handle* ng mga bisita/turista anumang oras muling buksan ang MWS para sa turismo.

Kasunod niyang inilahad ang mga kuhang larawan ng mga naikabit na m*ga health protocols signages* buhat sa entrada ng *protected area*, *Visitor Information Center,* at *PAMO Office* patungong Lambingan Pool.

Nabanggit din ni G. Peña na pansamantala ay naglaan ang PAMO ng espasyo sa *Multi-purpose Hall* na magsisilbing *isolation area* o *temporary rest area* para sa mga bisitang makikitaan ng sintomas ng Covid-19 pero nilinaw niyang kaagad ding ililipat ito sa pasilidad ng Barangay.

Pagdating naman sa kahandaan ng PAMO sa muling pagbubukas ng MWS ay inulit niyang *fully vaccinated* na ang lahat ng *PAMO Staff* at sa kasalukayan ay *functional* na ang kuryente ng PAMO *Office* at *Visitor's Information Cente*r. Bukod dito ay nagkaroon din ng paglalagay ng mga *signages at* mayroong ginawang *brochures* ang PAMO na maaaring ipamigay sa mga bisita. Idinagdag pa niyang handa na rin ang mga *first aid kits* na magagamit kung sakaling may masugatan/masaktang bisita habang pumapasyal sa MWS.

Si G. Gerardo Jamilla ay nagpaala-ala kay G. Peña na palagiang gamitin ang terminong *fully vaccinated.* Bukod dito, sinabi niyang magkakaroon sana ng opurtunidad kumita ang Barangay Tumagabok, Boac kung makakapag-*designate* ito ng *parking area* sa lugar.

Para naman sa usaping pangkaligtasan, ipinaala-ala ni PENR Officer Diaz na dapat ay mayroong *advisory* kung saan nakasaad na dapat *fully vaccinated* ang mga *eco-guides* na magbibigay serbisyo sa muling pagbubukas ng turismo sa MWS para na rin sa kanilang kaligtasan at ng mga bisita. Naitanong din niya sa kapulungan kung mayroon bang paraan upang maisa-ayos ang daan patungong *entrance* ng MWS. Binanggit din niyang may *offer* noon si Speaker Lord Allan Jay Velasco ukol sa paglalagay ng *budget* sa *access road.* Aniya, mas maganda kung mayroong *provision* upang i-*improve* ang *access road* kahit hindi ito gaanong kalakihan.

Naitanong naman ng Tagapangulo sa kinatawan ng *Provincial Tourism Office* kung mayroon bang pondong magagamit sa pagsasa-ayos na tinutukoy na *access road.*

Bilang tugon, sinabi ni G. Jamilla na ang horseback riding trail at *hiking trail* ang mayroon kaukulang pondo. Gayon man, may ilang *instruction* umano sa kanya si Gov. Presbitero J. Velasco, Jr. na lagyan ng pondo iyong mga areas na kailangang i-*develop* ang daan at iyong pagkaso sa mga may-ari ng lupa na hindi magbibigay ng right of way.

Iminungkahi naman ni Kgg. Reden G. Fidelino na kausapin ni Kgg. Lorna M. Jimena, Punong Barangay ng Tumagabok, Boac ang mga may-ari ng lupa upang humingi ng kahit 2.5 metrong lawak ng daan. Aniya, ito ay kaunlaran na rin ng Barangay.

Ipinagbigay-alam naman ni G. Jamilla na sila ay nag-*donate* sa Barangay Bunganay, Boacv ng halos kalahating ektaryang *access road.* Ang nasabing kalsada ay ginastusan ng gobyerno na dahilan kung bakit ang mga may-ari ng lupa sa looban ng nasabing Barangay ay nagbigay ng pahintulot upang magawa ang nasabing kalsada. Ayon sa kanya, ganito din sana ang maging kaisipan ng mga mamamayan sa iba pang mga barangay.

Naitanong naman ng Tagapangulo kung paano maise-*settle* ang isyu. Naitanong dni niya kay PASu Recto kung maaari ba siyang makipag-ugnayan kay Kgg. Jimena at i-*negotiate* ang mga may-ari ng lupa na masasaklawan ng *access road.* Nangako naman si PASu Recto na makikipag-*coordinate* siya kay Kgg. Jimena.

Iminungkahi din ng Tagapangulo kay Kgg. Reden G. Fidelino na tulungan si Kgg. Jimena sa gagawin nitong koordinasyon sa mga may-ari ng lupang masasakupan ng *access road.* Sinabi din niyang makikipag-*coordinate* sina PASu Recto, Kgg. Jimena, at Kgg. Fidelino sa mga may-ari ng lupa para hilingin at ipaliwanag sa kanila na idi-develop ang kalsada papuntang *tourism sites* upang maalwang makapasok ang mga turista at magkaroon ng dagdag na pagkakakitaan ang Barangay.

Sinabi naman ni Dr. Doreen R. Mascareñas na mayroong *Memorandum of Agreement (MOA)* ang MWS-PAMB sa mga Barangay na *entry points* papunta sa *ecotourism areas* ng MWS. At isa sa probsiyon na nakapaloob sa MOA lalong lalo na sa Barangay Tumagabok, Boac ay dapat nitong ayusin ang daan kung gusto nilang magkaroon ng bahagi sa binabayaran ng turista sa pagpasok sa MWS. Ayon pa sa kanya, maaari namang malaking halaga ang mapuntang share sa Barangay ngunit nakadepende ito sa *extent of development* na ginawa ng Barangay para ma-*access* ng mga turista. Ang hinihingi ng PAMB sa Barangay Tumagabok, Boac ay ayusin ang daan. Papaano aniya sila mabibigyan ng *share* kung wala naman silang ibinibigay na serbisyo sa mga turista. Para naman sa *parking space*, ito ay direktang binabayaran ng turista sa Barangay. Hindi rin umano magamit ang *Barangay Hall* bilang *Holding area* kung kaya't hindi sila mabigyan ng bahagi sa *entrance fee*. Kaugnay nito, iminungkahi din niya sa kapulungan na bisitahin muli ang probisyon ng MOA sa Barangay upang maisaayos kung ano ba talaga ang kanilang gampanin sa muling pagbubukas ng turismo sa MWS.

Sinang-ayunan naman ni PENR Officer Diaz ang ibinahagi ni Dr. Mascareñas at sinabing kung may ganoon ng kasunduan ay muling buhayin ito. Maaari din umanong i-*tap* ang Department of Public Works & Highways (DPWH) upang makatulong sa pinag-uusapang proyekto.

Naitanong din ni PENR Officer Diaz kung saan ibibigay ang pondo ng naturang proyekto sakaling magkaroon na ng *concurrence* ang mga *landowners.* Ayon naman sa Tagapangulo, kung natapos na ang koordinasyon at pumayag ang mga may-ari ng lupa sa ide-*develop* na *access road* ay maaari umanong magpasa ng resolusyon patungo kay Speaker Velasco upang mapondohan ito. Kung sakaling maliit naman aniya ang gugugulin ay baka kaya na itong sagutin ng Barangay.

Nilinaw din ni G. Jamilla na ang kanyang naunang pahayag tungkol sa *right of way* ay *last resort* lamang kung nagawa na ang lahat ng paraan at ayaw paring pumayag ng mga may-ari ng lupa. Sa pamamagitan aniya ng PAMB, ay maaaring mag-*request thru a resolution* sa *Provincial Government* sa pamamagitan ng ENRO at ng *Provincial Tourism Office (PTO)* para mailakip ito sa *Annual Investment Plan (AIP)* para sa taong 2023. Mahalaga din aniya ang gagawa *ng survey* upang ma-*estimate* kung magkano ang gagastusin sa nasabing proyekto.

Sinabi naman ng Tagapangulo na unahin ang koordinasyon sa mga *land owners* kung papayagan ba nilang i-*develop* ung *area (access road)* patungong *ecoturism sit*e. Ayon din kay G. Jamilla, gagawa aniya ng resolusyon ang PAMB upang makakuha ng pondo mula sa *Provincial Government*.

Naitanong din ng Tagapangulo kay G. Jamilla kung mayroon silang *continuing funds* na hindi pa nagagastos.

Kaugnay nito, hiningi ng Tagapangulo ang mungkahi ng kapulungan para sa kanilang mosyon upang magpasa ng resolusyon ang PAMB para sa panukalang proyektong *access road.*

Subalit bago ito, sinabi ni PENR Officer Diaz na dapat mayroong *parallel efforts* na habang wino-*work out* iyong lupa ay dapat nanliligaw na din ng pondo para sa konstruksyon. Iminungkahi din niyang sumubok na humiling a Tanggapan ng *Speaker of the House* at kay Gov. Velasco.

Ayon pa rin kay G. Jamilla, ang pondong nag-kakahalaga ng isang milyong piso at nakalaan para sa *horseback riding trail* ay hindi nagamit dahil maraming hinihinging *feasibility study.* Aniya, ito umano ang mai-i-*suggest* niyang gamitin sa proyekto kung magkakaige ito sa proseso ng *re-alignment.*

Muling hiningi ng Tagapangulo ang mungkahi ng kapulungan na magpasa ng resolusyon upang i-*develop* ang *access road* patungong MWS *ecotourism site* sa pamamagitan ng PTO at ire-*align* ang pondong nakalaan sa *development* ng *horseback riding trail* para sa *development* ng *access road.*

Nilinaw din niyang, habang ginagawa ang koordinasyon sa mga may-ari ng lupa ay gagawa ng resolusyon ang PAMB at isusumite sa Tanggapan ng Gobernador at *Speaker of the House.* At kung sakaling pumayag na ang mga may-ari ay tutuloy na sa pagre-*request* ng pondo.

Malugod na naghain ng mosyon si Kgg. Teodoro R. Ramos upang magpasa ng resolusyon ang PAMB upang hilingin sa Tanggapan ng Punong Lalawigan na makapaglaan ng pondo sa pamamagitan ng Provincial Tourism Office para sa *development* ng *access road* patungong *tourism site* na pinangalawahan ni Kgg. Restituto L. Pabalat.

Iminungkahi naman ni Dr. Mascareñas na ikonsider sa muling pagbubukas ng turismo sa MWS ang tungkol sa *solid waste management.* Iminungkahi niya ang paglalagay ng basurahan para sa mga *used face mask.*

Idinagdag din ng Tagapangulo na dapat ay *fully vaccinated* ang ang mga *eco-guides, no vaccine no duty policy,* pagsunod sa lahat ng *protocols* at ang date ng *reopening.* Naitanong din niya sa kapulungan kung kailan bubuksan ang turismo sa MWS.

Sinagot naman ito ni PENR Officer Diaz at sinabing sa *third week* ng Marso ang *tentative date of reopening.* Dahil dito, naitanong niya kung maisisiguro ba ng PAMO na *fully vaccinated* na ang lahat ng mga *eco-guides.*

Malugod na iminungkahi ni Dr. Mascareñas na *soft opening* muna ang gawin upang malaman kung ilan ba talaga ang bilang ng turistang tatanggapin. *Pilot testing* upang malaman aniya kung ano pa ang kailangang i-*improve* sa pag-*handle* ng turista sa ilalim ng *new normal.*

Dahil dito, naitanong ng Tagapangulo kay PASu Recto kung ilan ang bilang ng bisitang tatanggapin sa MWS.

Bago pa ito sagutin ni PASu Recto, ay sinabi ni PENR Officer Diaz na ang *nature* ng *activity* sa MWS ay pang *outdoor.* Ang bilang ng turistang tatanggapin sa muling pagbubukas ng turismo sa MWS ay iminugkahi din niyang ipagkatiwala na lamang sa PAMO. Idinagdag pa niyang, mayroon silang *proposal* para sa konting seremonya kung kaya't inaanyayahan din niya ang nagsidalong mga kasapi ng PAMB.

Nilinaw din ng Tagapangulo na ang *soft opening* ay gagawin sa *third week* ng March at hindi pa aniya papayagan ang full *capacity* ng MWS. Idinagdag din ni PASu Recto na *day tour* pa lamang muna ang kanilang papayagan sa *reopening* ng MWS.

Si Ms. Neljoy Ilagan, kinatawan ng PG-ENRO ay nagkaroon ng katanungan kung naisagawa na ba ng PAMO ang *zoning* para sa *sub-zone.* Ipinaala-ala din niyang dapat magkaroon muna *sub-zone* bago muling papasukan ang *viewing deck* sapagkat ito aniya ay saklaw na ng *Strict Protection Zone/Core Zone.* Kailangan aniya ang *sub-zone* para maipatupad ng PAMO ang *ecotourism plan* ng MWS.

Bilang tugon, sinabi ni PASu Recto na nagkaroon na noon ng *zoning* ang DENR *Regional Office Staff* subalit hindi pa aniya nagawa ang zoning para sa *sub-zone*.

Sinabi rin ni PENR Officer Diaz na hindi muna papayagan ang *camping* sa *view deck* habang hindi pa naisasa-ayos *ng zoning*.

Malugod na naghain ng mosyon si Kgg. Delfin Fellizar upang magpasa ng isang resolusyon ang PAMB upang pagtibayin ang kapasiyahang muling buksan ang *ecotourism activities* ng MWS sa ikatlong buwan ng Marso 2022 na pinangalawahan ni Kgg. Aristeo R. Rodil.

Ganap ng ika-12:10 ng hapon ng imungkahi ni Kgg. Restituto L. Pabalat na pansamantalang itigil muna ang pagpupulong upang bigyang daan ang pananghalian na pinangalawahan ni Kgg. Reden G. Fidelino. Ang kapulungan ay muling bumalik sa pagpupulong sa ganap na ika-1:05 ng hapon.

***3. Presentation/Updates of Enhanced National Greening Program (ENGP) Site Development in Protected area***

Sa pagsisimula ay binati ni G. Ronald S. Matining, *National Greening Program (NGP) Coordinator* ng PENRO Marinduque ang lahat ng nagsipagdalo bago ang kanyang presentasyon. Humingi din siya ng paumanhin sa hindi pagdalo ng *Provincial NGP Coordinator* na si Forester Elena Parañaque dahil mayroon itong dinadaluhang *webinar*.

Sa kanyang pagpapatuloy, ay sinabi niyang ang kanyang ilalahad ay ang tungkol sa *status/updates* ng DENR *project* sa NGP na nasa looban ng *protected area*. Ayon sa kanya, ang pinakabagong pinaka-*latest* na *project* ng NGP na naipa-*implement* ay ang sa Barangay ng Makulapnit kung saan nakapag-*establish* ng 70 *hectares* sa taong 2021.

Kasunod niyang inilahad ang datos ng *Implemented NGP/ENGP* sa loob ng *protected area* at ito ay matutunghayan sa ibaba:

| Municipality | Area Planted (2011-2021) | Area Planted in PA (2011-2021) | Target Area for Development for CY 2022 | Remaining Area for Development |
|---|---|---|---|---|
| Boac | 467 | 247 | - | - |
| Buenavista | 640 | 256 | - | - |
| Gasan | 111 | 82 | - | - |
| Mogpog | 124 | - | - | - |
| Santa Cruz | 659 | 82 | - | 120.52 |
| Torrijos | 402 | 59 | - | 56.05 |
| **TOTAL** | **2,403** | **726** | - | **176.57** |

Ayon pa kay G. Matining, noong nakaraang taon ay nagkaroon ng *reforestation planning* at *Survey, Mapping and Planning (SMP)* sa Barangays Devilla, Tambangan, Masalukot, Santa Cruz; Malibago at Nangka, Torrijos at Sabong, Boac kung saan nakita ang 120.52 na area *for development* sa loob ng *protected area*. Inilahad sa Sangguniang Barangay at *stakeholders* ang resulta na nakita sa ginawang SMP ng NGP Marinduque.

| Location | Area Planted (Ha) | Species Planted | Planted Area (Ha) | Remarks |
|---|---|---|---|---|
| Brgy. Makulapnit | 70 | Batino/Makaasim/ Mulawin/Narra/ Wisak | 35 | With Year 2 Maintenance and Protection activities contracted to LGU Makulapnit |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| K | | Avocado/Cacao/ Caimito/Coffee/ Guyabano/Langka/ Lanzones/Mangga/ Rambutan/Santol | 35 | |
| Total Indigenous Forest Trees Planted: **21,875 (625/hectare)** | | | | |
| Total Other Fruit Trees Planted: **17,500 (500/hectare)** | | | | |

Kasunod na inilahad ni G. Matining ang mga Mapa na nagpapakita ng *Watershed/Rivers & Creeks, Protected Area* at iba pang *Tenurial Instruments* sa lalawigan ng Marinduque. Gayundin ang Mapa kung saan naka-*project* ang *Reforestation Areas* para sa taong 2011 hanggang 2021. Kasunod nito ang Mapa kung saan ipinapakita ang natitirang *potential areas for development* ng NGP sa Marinduque para sa taong 2022 at 2023.

| **Location** | **Total Area Based on SMP (ha) conducted** | | **Slope categories** | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Protection Forest** | **Production Forest** | **<8.00** | **8.00-18.00** | **18.00-30.00** | **30.00-50.00** |
| Brgy. Masalukot, Sta. Cruz | 12.79 | 29.25 | 0.020 ha | 25.75 ha | 16.22 ha | |
| Brgy. Tambangan, Sta. Cruz | 4 | 17.93 | 1.26 ha | 17.50 ha | 3.24 ha | |
| Brgy. Devilla, Sta. Cruz | 14.84 | 7.19 | 0.42 ha | 15.17 ha | 6.44 ha | |
| Brgy. Malibago, Torrijos | 35.50 | 8.50 | 0.05 ha | 12.29 ha | 29.13 ha | 2.66 ha |
| **TOTAL** | **67.13** | **62.87** | **1.75 ha** | **70.71 ha** | **55.03 ha** | **2.66 ha** |

Ayon kay G. Matining, sila ang humihingi muli ng *clearance* o pahintulot sa PAMB upang maisagawa ang nasabing proyekto sa loob ng *protected area.*

Naitanong naman ni Dr. Doreen R. Mascareñas kay G. Matining kung sa loob din ba ng protected area manggaling ang mga *seedlings ng* prutas at punong itatanim din sa loob ng PA na sinang-ayunan naman ito ni G. Matining. Ayon pa kay Dr. Mascareñas na maganda kung hindi mag-i-*introduce* ang NGP ng *exotic species* dahil walang masisirang sistema sa loob ng *protected area.*

Ang Tagapangulo ay nagkaroon ng kung mayroon pang ibang katanungan at kung wala naman ay iminungkahi niyang ito'y pagtibayin sa pamamagitan ng isang resolusyon.

Dahil dito, malugod na iminungkahi ng Kgg. Teodoro R. Ramos na bigyan ng pahintulot o *clearance* ng PAMB ang pagsasagawa ng proyekto ng NGP sa loob ng *protected area* na pinangalawahan ni Kgg. Aristeo R. Rodil at sinang-ayunan ng nakararami.

***4. Presentation of 1st Semi-Annual Biodiversity Monitoring System (BMS) conducted on February 17 & 18, 2022 at Barangays Tambangan and Masalukot, Santa Cruz to Tumagabok, Boac***

Sa pagsisimula ni PASu Recto, ay sinabi niyang mayroong bagong *format* para sa paggagawa ng BMS report na sinusunod ang PAMO sa kasalukuyan. Naiiba umano ito sa dating ng *format* ng report na kanilang ginagamit.

Ayon sa kanya, ang BMS ay dating isinasagawa *quarterly* o apat (4) na beses sa isang taon pero sa kasalukuyan ay *semi-annual* na. Ang regular na mino-monitor dito ay ang dati pa ring 2 km *transect* na naitatag sa Brgy. Tambangan at Masalukot, Santa Cruz at Tumagabok, Boac. Muling ipinagbigay alam ng PASu sa kapulungan na mayroong grupo na nagsasagawa nito katuwang ng DENR na binubuo ng kinatawan mula sa *academe* (MSC), *Provincial Govenrment (PGM),* MLGU ng Santa Cruz, at sa People's Organization (Tawang Upland Farmers Association –TUFA) mula sa Barangay ng Tambangan at Masalukot, Santa Cruz, Marinduque. Ayon din sa kanya, ang unang BMS para sa taong ito ay nagawa ng Team noong ika-17 at 18 ng Pebrero 2022.

Ayon pa rin sa kanya, ang BMS ay isinasagawa sa loob ng dalawang (2) araw at sa unang gabi ginagawa ang *Focus Group Discussion (FGD)* sa binuong Community Monitoring Group (CMG) na

pawang mga *tenured migrants* sa *protected area.* Maliban sa kanila ay kasama ring ipinatatawag ang ibang stakeholders at kinukunan ng kanilang mga obserbasyon na siya namang ibina-*validate* kasabay ng pagsasagawa ng *transect walk/actual count* sa dalawang (2) kilometrong *BMS site* kung saan inirerekord ang mga obserbasyon at ikinukumpara sa nakarang resulta ng BMS. Karaniwang mga uri ng ibon at iba pang mga buhay ilang ang nakikita at naririnig sa panahon ng *transect walk/count.* Ang lahat ng datos ay pinagsasama-sama at itina-*tabulate* upang makita kung maayos pa ba ang estado ng protected area. Tinitingnan rin ang paligid kung may mga kaingin na maaaring makaapekto sa mga pinagkukunan ng tubig na saklaw ng *protected area.* Ang mga nakukuhang datos ay ginagamit sa paggagawa ng mga plano kung paano pangangalagaan at pagyayayamanin ang MWS. Sinusubaybayan din sa pagsasagawa ng BMS ang naitatag na Biodiveristy Assessment and Monitoring System (BAMS) na bahagi rin ng pagsasaliksik na ginagawa katuwang ang MSC.

Isa pa ring *component* ng BMS ang *photodocumentation* kung saan kinukunan ng larawan ang kabundukan kung saan nakatatag ang *BMS site* upang makita kung mayroong naging pagbabago sa lugar. Saklaw ng *panoramic view* ang bahagi ng Barangay Nangka, Torrijos; Tambangan at Masalukot, Santa Cruz, Marinduque.

Sinundan ito ng paglalahad ni PASu Recto ng mga nakuhang larawan at *accomplished forms (Form 1-3)* kaugnay ng nasabing programa. Ayon sa kanya, naging maganda naman ang resulta ng ginawang BMS at kapansin-pansin sa lugar ang patuloy na pagyabong ng kagubatan at karamihan sa datos na nakuha sa FGD ay tumutugma sa kanilang mga nakita sa *transect walk/count.*

Binigyang diin din ni PASu Recto sa kapulungan ang kahalagahan ng isinasagawang BMS tungkol sa pangangalaga ng MWS kabilang ang ilang banta o *threat* sa kalikasan at isa na rito ang *climate change.*

Nabanggit din ni PASu Recto na mayroong hinihinging *management interventions* ng PAMB sa bagong *reporting format* kung kaya't itinanong niya sa kapulungan kung ano-anong mga isyu ang kanilang nalalaman sa lugar.

Si Kgg. Reden G. Fidelino ay nagbigay ng reaksyon at sinabing ituloy-tuloy lamang ng PAMO ang pagsasagawa ng nasabing programa dahil sa magandang naidudulot nito. Sa kanilang Barangay ay nasasaksihan niya ang pagdami ng "Usa" at iba pang uri ng *wildlife* gaya ng ibon. Gayon man, ipinagbigay-alam din niyang may nakikita siyang pailan-ilang mga"tagil" sa Sityo Bungahan, sakop ng Barangay Tumagabok, Boac. Dahil dito, hiniling niya kay PASu Recto na mapasyalan dito ito ng mga *patrollers* upang matigil na ang nasabing iligal na gawain.

Sang-ayon din si Kgg. Teodoro R. Ramos na ipagpatuloy ang BMS sa MWS na saklaw ng kanilang Barangay. Gayon man, ay may binanggit din siyang isyu tungkol sa pagpasok ng mga nagbubukid sa loob ng *protected area.* Aniya, kung minsan ay nasasalaula ang kanilang kinukunan ng inuming tubig sa lugar.

Sinabi naman ni PASu Recto na ang mga taong pumapasok sa *protected area* ay iyong may mga dati ng binubukid at napasama sa isinagawang *Survey and Registration of Protected Area Occupants (SRPAO).*

Ayon naman kay Kgg. Ramos, isa umano sila sa nagiging dahilan kung bakit hindi nagiging matagumpay ang *reforestation project* ng DENR sapagkat may pagkakataon na inaalis o pinapatay ng mga nagbubukid ang ibang punong ipinapatanim dahil nakakaapekto ito sa dati na nilang pananim.

Nangako naman si PASu Recto na istriktong susubaybayan ang lugar upang mamonitor din ang tinuran ni Kgg. Ramos.

Sinana-ayunan naman ito ni PENR Officer Diaz at sinabing may mga kaparehong *scenario* siyang nai-*encounter s*a kanilang binibisitang mga *reforestation projects.* Kanya ring napuna na iyong mga *site* na malayo sa mga tao ang mas madalas na walang *disturbances.*

Ipinaala-ala din ni Kgg. Fidelino na papasok na naman ang panahon ng tag-init kung saan ay mayroong lugar na sinusunog at nadadamay ang *reforestation project* ng DENR.

Nangako naman si PASu Recto na tutugunan ang nabanggit na mga isyu at ilalakip ito sa *first BMS report* para sa taong ito. Sa pagtatapos ng kaniyang presentasyon, ay ipinresenta din ni PASu Recto ang mga kuhang larawan na nakunan sa pagsasagawa ng BMS gaya ng FGD, *transect walk* at *photodoumentation.*

Si Dr. Mascareñas ay nagbigay ng reaksyon sa inilahad ni PASu Recto at sinabing sa nagdaang taon ay nagkaroon siya ng mungkahi na gawin sa ibang bahagi ng *protected area* ang BMS sapagkat mataas na aniya ang kaalaman ng mga mamamayan tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran at likas-yaman. Dahil dito, naitanong niya kay PASu Recto kung ito ba ay naikonsider ng PAMO para sa taong ito.

Bilang tugon, sinabi ni PASu Recto na mayroong pinagtibay na resolusyon ang PAMB kaugnay nito subalit hindi pa ito napagtitibay kung kaya't hindi napasama sa *Work and Financial Plan (WFP)* para sa taong 2022. Gayon man, sinabi ding niyang sa kasalukuyan ang PAMO ay nasa proseso ng paggagawa ng *budget proposal* para sa taong 2023 at isinama na nila dito ang *establishment* ng bagong *transect* para sa BMS.

Naitanong din ni Dr. Mascareñas kung napapasama ba sa *regular monitoring* at *patrolling* ang ibang bahagi ng *protected area.* Sinang-ayunan naman ito ni PASu Recto at sinabing nakadetalye sa lahat ng bahagi ng *protected area* ang *PAMO fieldman* at regular ding nadadaanan ang mga BMS *transect.*

Dahil dito, naghain ng mosyon si Dr. Mascareñas upang maisama sa susunod na pag-uulat ni PASu Recto ang iba pang bahagi ng MWS na regular ding pinapatrulyahan tuwing magsasagawa ng *Lawin Patrolling* at *regular patrolling* na pinangalawahan ni Kgg. Reden G. Fidelino.

***5. Presentation and distribution of copies of Manual of Operations (MOP) to PAMB members***

Ayon kay EMS II Alvin L. Pergis, ang Manwal ng Operasyon ng PAMB ay sinimulang gawin taong 2013 pa subalit naabutan na ito ng panibagong batas o ang tinatawag na *Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS) Act of 2018* kung kaya't nagkaroon ng mga *revision* upang maipaloob ang ilang panuntunan sa nasabing manwal .

Ang nasabing MOP ay muling binalangkas ng *Technical Working Group (TWG)* na binuo sa unang regular na pagpupulong ng PAMB na ginanap noong ika-26 ng Pebrero, 2020. Ang nasabing MOP ay pinagtibay sa bisa ng *PAMB Referendum No. 01 s 2020* na may petsang September 16, 2020 at Resolusyon No. 2020-007 na may petsang November 20, 2020.

Ang nasabing MOP na naisumite ng *Protected Area Management Office (PAMO)* sa *Regional Office* ay naibalik na ang *corrected copy* nito sa PENR Office. Nakapagpa-*print* ng rin aniya ang PAMO ng maraming sipi nito na ibibigay sa mga kasapi ng PAMB upang magkaroon sila ng gabay sa pagtupad ng kani-kanilang tungkulin bilang kasapi nito. Kasunod nito ang pagbibigay ng sipi ng MOP sa mga nagsidalong kasapi ng PAMB.

**F. Iba pang paksang pinag-usapan *(Other matters)***

***a. "Boundary of Barangay Tambangan at Masalukot, Santa Cruz, Marinduque"***

Ayon kay Kgg. Teodoro R. Ramos, laging ang Barangay ng Tambangan ang binibigyan ng proyekto gayong ang lokasyon kung talagang titingnan sa *ground* ay sakop ng Brgy. Masalukot, Santa Cruz.

Bilang tugon, sinabi ni PASu Recto na sa Mapa ng MWS ay hindi klaro at walang malinaw na *boundary* ang bawat barangay na sakop ng MWS.

Si PENR Officer Imelda M. Diaz ay nagbigay din ng komento kung saan sinabi niyang kung minsan may mga pangyayari na ang proyekto gaya ng sa NGP ay ini-*implement* ng *people's*

*organization*. Baka aniya ganoon ang nangyari sa binabanggit ni Kgg. Ramos sa kanilang Barangay na bagaman at ang lokasyon ng proyekto ay sa Barangay Masalukot, ang nagtrabaho naman at kakontrata ng DENR ay ang *registered PO* sa nakabase sa Barangay Tambangan, Santa Cruz.

Sinabi naman ni Kgg. Ramos na kahit ganoon pa man ang nangyari ay ipaalam pa rin sa Barangay, Masalukot.

Ayon naman kay EMS II Alvin L. Pergis, karamihan sa mga miyembro ng *Tawang Upland Farmers Association (TUFA)* ay naninirahan sa Barangay Tambangan at ito ang karaniwang itina-*tap* ng DENR sa tuwing magkakaroon ng proyektong pagtatanim sa loob ng *protected area*. Ito siguro umano ang dahilan kung bakit hindi nare-*recognize* kung minsan ang Barangay Masalukot, Santa Cruz gayong ang mismong area ng proyekto ay nasasakupan nito.

Nabanggit naman ni Kgg. Reden G. Fidelino na ipaalam sa mga *concern Barangay Officials* ang mapa at *location* ng *project* na gagawin sa mga Barangay na nasasakupan ng MWS.

Sinabi naman ng Tagapangulo na mag-*courtesy call* muna sa Barangay at kausapin ang Punong Barangay at ipaalam kung ano ang proyekto ang gagawin sa Barangay. Hiniling din niya kay PASu Recto na ipakita ang mapa at masabi ng pinag-uusapang Barangay sa susunod na pagpupulong.

Sa huli, sinabi ni PASu Recto na nire-r*ecognize* naman ang Barangay Masalukot, Santa Cruz sa BMS na ginagawa ng PAMO. Nangako din siyang sisikapin nilang maipakita iyong mapa sa susunod ng pagpupulong ng PAMB.

***b. "Score o rating na nakuha ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa ginawang Management Effectiveness Assessment (MEA)" para sa taong 2021".***

Sa pagsisimula ay sinabi ni PASu Emeterio M .Recto na sa nagdaang pagpupulong ng PAMB na ginanap noong ika-23 ng Setyembre 2021 ay nagkaroon ng pagsasagot ng *Management Effectiveness Assessement* (MEA) *forms* subalit bago ito ay ipinaliwanag niya ang prosesong ginawa at layunin sa pagsasagawa ng nasabing pagtatasa.

Ayon sa kanya, ang ilalahad na lamang niya ay ang buod o score na nakuha ng PAMO at PAMB sa *over-all management* ng *protected area* o ng *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)*.

Kasunod niyang inilahad ang *tabulation* ng mga *scores/rating* na kung saan ang MWS ay nakakuha ng 100% rating sa *Context* sapagkat *legislated* na aniya ang MWS. Sa *planning* naman ay nagkaroon ng 65.83% na grado ang MWS; sa *input* ay 61.25%; *process* ay 54.86% habang sa *output/outcome* ay 72.22 % na nagbigay sa MWS ng *over-all rating* na ***"62%"***.

Mababa ito ayon, kay PASu Recto subalit hindi naman ito maaaring dagdagan o itaas sapagkat marami pa talagang *improvement*s na kailangang gawin sa MWS. Ayon pa sa kanya, ang nasabing grado ay base sa aktwal na pamamahala ng MWS. Marami pa talagang plano na kailangang magawa upang sa susunod na *assessment* ay makakuha na ng mataas na *rating* ang MWS.

**G. <u>Pagtatakda ng araw at lugar ng sunod na pagpupulong</u>**

Ang ikalawang regular na pagpupulong ng PAMB para sa taong 2022 ay napagkasunduang isagawa sa ika-09 ng Hunyo 2022 sa *Protected Area Management Office (PAMO)*, Tumagabok, Boac.

**H. <u>Pagtitindig sa pagpupulong</u>**

Sapagkat wala ng iba pang usapin na tatalakayin, naghain ng mosyon si Kgg. Sabino R. Rojo upang pagtibayin ang pagtitindig sa pagpupulong sa ganap na ika-4:00 ng hapon na pinangalawahan ni Kgg. Reden G. Fidelino at sinang-ayunan ng lahat.

Sa *closing remarks* ni PASu Emeterio M. Recto ay pinasalamatan niya ang Tagapangulo at ang lahat ng mga dumalo sa ngalan ni RED Lormelyn E. Claudio, *PAMB Chairperson* dahil sa kanilang aktibong pakikilahok sa pagtatalakay ng mga isyung inilahad sa ginanap na pagpupulong. Bago ang pansamantalang paghihiwa-hiwalay ay ipinamahagi din ni PASu Recto sa mga nagsipagdalong kasapi ng PAMB ang kaunting tulong na *grocery items* buhat sa PAMO.

Inihanda ni:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Pinatotohanan ni:

**EUGENIA D.L. CRUZADO**
MPDC-LGU Torrijos, MWS-PAMB member
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO,** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB-MWS